IJAMS INTERNATIONAL JOURNAL OF ADVANCED MULTIDISCIPLINARY STUDIES
Volume V, Issue 5 May 2025, eISSN: 2799-0664

# Pagbuo ng Kontekstwalisadong Video Lesson ng Kahimunan ng Manobo Bilang Kagamitang Pampagtuturo

**YENAH ALCANTARA-MARTINEZ**
Sagbayan National High School
Department of Education
Surigao del Sur, Region XIII, Philippines, 8300
yenahalcantara21@gmail.com

**ANIE Y. SAMARCA, PhD**
Department of Graduate School
Northeastern Mindanao State University
Tandag City, Region XIII, Philippines, 8300

*Abstract* — Ang pag-aaral na ito ay naglalayon na bumuo ng kontekstwalisadong video lessons sa Kahimunan ng tribong Manobo bilang kagamitang pampagtuturo para sa Filipino 7, na naglalayong tulay ang tradisyonal na kaalaman at modernong pamamaraan ng pag-aaral. Ginabayan ito ng Constructivist Learning Theory, Cognitive Load Theory, at Technology Acceptance Model upang matiyak ang interaktibo, madaling maunawaan, at tinatanggap na materyal sa pagkatuto. Gumamit ng halo-halong pamamaraan ng pananaliksik (debelopmental at deskriptibo), kung saan ang mga kalahok ay piling guro ng Filipino 7 at mga Datu ng Manobo mula sa mga piling paaralan sa San Miguel, Surigao del Sur, na pinili sa pamamagitan ng purposive sampling. Ang pangangalap ng datos ay gumamit ng binagong talatanungan at estrukturang panayam, habang ang pagsusuri ng datos ay isinagawa gamit ang deskriptibo at inferential statistics, pati na rin ang qualitative analysis.

Natuklasan sa pag-aaral na ang video lesson ay matagumpay na naisama ang apat na mahahalagang ritwal ng Kahimunan ng Manobo—ang Sinugbahan, Uyagdok, Binuka, at Pangapog—na aktibo pa ring isinasagawa sa komunidad ng Umalag. Ang mga ritwal na ito ay nagpapahiwatig ng malalim na ugnayan ng mga Manobo sa espirituwal na mundo at kalikasan, na sentro sa kanilang paniniwala at pang-araw-araw na buhay. Sa pagsusuri ng antas ng pagtanggap ng mga respondente, nakakuha ang video lesson ng overall mean na 5.00, na may adjectival rating na 'Napakahusay' sa lahat ng aspeto—Layunin, Teknikal na Kalidad, Kalidad ng Pagtuturo, Organisasyon, Kontekstwalisadong Nilalaman, at Pagkakahanay.

Ipinahihiwatig ng mga natuklasan na ang nabuong kontekstwalisadong video lesson ay lubhang epektibo at mahusay na tinanggap bilang kagamitang pampagtuturo. Ang pag-aaral ay nagpapatunay sa kahalagahan ng kontekstwalisasyon sa pagpapalalim ng pag-unawa at pagpapahalaga sa kultura, pagpapalakas ng pagkakakilanlan ng Manobo, at pagtataguyod ng mas makabuluhan at nakakaengganyong karanasan sa pagkatuto. Inirerekomenda na gamitin at ipalaganap ang video lesson na ito bilang isang modelo para sa pagbuo ng mga katulad na culturally sensitive teaching materials para sa iba pang mga katutubong komunidad, na may patuloy na paggalang sa kultura at aktibong pakikilahok ng komunidad.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

***Keywords — Kontekstwalisadong video lessons, Kultura ng Manobo, Kahimunan, Kagamitang pampagtuturo***

## I. Introduction

Ang paggamit ng teknolohiya sa edukasyon ay patuloy na umuunlad at lumalawak sa buong mundo. Ang integrasyon ng digital media sa pagtuturo ay nakatutulong sa pagpapataas ng motibasyon at atensyon ng mga mag-aaral [1]. Kaugnay nito, ang paggamit ng mga kagamitang nakabatay sa kultura upang mapahusay ang pakikilahok at pagkakakilanlan ng mga mag-aaral sa kanilang pag-aaral [5]. Binibigyang-diin ng kanilang pananaliksik na ang edukasyong sensitibo sa kultura ay hindi lamang tumutugon sa akademikong pangangailangan, kundi nagsisilbing tulay para sa pagpapalalim ng pag-unawa sa sarili, lipunan, at kasaysayan.

Sa konteksto ng mga katutubong komunidad, binigyang-linaw [17] ang kahalagahan ng pagbuo ng mga kagamitang pampagtuturo na nakaugat sa tradisyon, wika, at pamumuhay ng mga *indigenous peoples* (IPs). Tinukoy din ng *Department of Education (DepEd)* sa Pilipinas ang kahalagahan ng lokal at kultural na konteksto sa pagtuturo sa pamamagitan ng *DepEd Order No. 62, s. 2011 (National Indigenous Peoples Education Policy Framework), at DepEd Order No. 32, s. 2015 (Indigenous Peoples Education Curriculum Framework).* Layunin ng mga patakarang ito na tiyakin na ang mga aralin ay tumutugon sa kontekstong panlipunan at kultural ng mga katutubong mag-aaral.

Sa isang pag-aaral inilahad nila na ang pagbuo ng mga aralin sa video na may kultural na nilalaman ay epektibong nagbubukas ng diskurso sa pagitan ng mga mag-aaral at kanilang pamayanang kultural [12]. Pinatunayan na ang paggamit ng mga lokal na video lesson ay may positibong epekto sa interes at pag-unawa ng mga mag-aaral sa kanilang pamana.[2]. Ganito rin ang resulta sa pananaliksik nina [14] [6] na tumukoy sa papel ng video lessons sa pagpapayaman ng kaalamang pangkultura at pagpapahalaga sa katutubong pagkakakilanlan.

Samantala, sa Pilipinas, iniulat [9] [11] na ang pagkakaroon ng culturally contextualized teaching materials ay mahalaga sa pag-unlad ng edukasyon sa mga IP communities. Sa kanilang pagsusuri, ang mga guro at mag-aaral ay nakinabang sa mga materyal na ginagamitan ng lokal na wika, tradisyonal na panitikan, at aktibong partisipasyon ng mga miyembro ng komunidad. Ang video lessons ay nagbibigay ng biswal at naratibong representasyon ng mga ritwal, paniniwala, at sining ng mga katutubo na hindi kayang maipakita ng tradisyonal na aklat-aralin [3].

Sa pagtalima sa mga prinsipyong ito, ipinapakita ng kasalukuyang artikulo ang pagbuo ng isang kontekstwalisadong video lesson tungkol sa *Kahimunan* ng tribong Manobo bilang isang kagamitang pampagtuturo sa asignaturang Filipino 7. Alinsunod sa panawagan [7] [8] para sa edukasyong nakasandig sa kultural na reyalidad ng mga mag-aaral, binibigyang-linaw ng gawaing ito ang papel ng video lesson sa pagtataguyod ng makabuluhan, makabago, at inklusibong pagtuturo sa mga IP communities sa Pilipinas.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

Volume V, Issue 5 May 2025, eISSN: 2799-0664

**Paglalahad ng Suliranin**

Ang pananaliksik na ito ay naglalayon na bumuo ng kontekstwalisadong video ng Kahimunan ng Manobo bilang kagamitang pampagtuturo. Iba pang tiyak na layunin ng pag-aaral ay kinabibilangan ng;

1. Ano ano ang mga kaugalian at tradisyon ng Manobo batay sa Kahimunan ang mapapanood sa kontekswalisadong video lesson?

   1.1 Sinugbahan;

   1.2 Uyagdok;

   1.3 Binuka; at

   1.4 Pangapog?

2. Ano ang antas ng pagtanggap ng mga respondente sa pagsusuri sa nakalap na kaugalian at tradisyon sa Kahimunan batay sa;

   2.1 Layunin;

   2.2 Teknikal na kalidad;

   2.3 Kalidad ng pagtuturo;

   2.4 Organisasyon;

   2.5 Kontekswalisadong nilalaman; at

   2.6 Pagkakahanay?

   3. Anong pagpapahusay na kagamitang pampagtuturo ang mabubuo batay sa resulta ng pag-aaral?

**Literature Review**

Ang mabilis na pag-usbong ng teknolohiya sa edukasyon ay nagbigay-daan sa paggamit ng video lesson bilang epektibong kagamitang panturo. Sa pag-aaral nina Smith (2021) at Peter & Alook (2020), inilahad na ang mga kontekstwalisadong video lesson ay nakatutulong sa pagpapaigting ng pagkakakilanlan ng mga mag-aaral sa kanilang kultura at sa pagpapataas ng kanilang motibasyon. Ayon kay Bakar (2020), mas epektibo ang mga lokal na video lesson sa pagpapataas ng kaalaman at pagpapahalaga sa mga katutubong kultura.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

Sa lokal na konteksto, binigyang-diin ni Bautista (2020) ang bisa ng kontekstwalisadong video lesson sa pag-unawa at pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa musikang tradisyonal at sayaw ng Manobo. Ganito rin ang kinalabasan ng pananaliksik nina Rosil at Buniel (2025), na tiningnan ang mga ritwal na sayaw ng tribong Manobo bilang paraan ng komunikasyon sa espiritu at kalikasan.

Bukod dito, sa pag-aaral ni Besonia et al. (2023), ipinakita na ang mga e-learning material na may elementong pangkultura ay lumilikha ng mas inklusibong kapaligiran sa pagkatuto para sa mga katutubo. Maging ang case study ni Martinez (2023) ay nagpapatunay na ang paggamit ng teknolohiya, kung ito ay ginabayan ng prinsipyo ng lokalisasyon at kontekstwalisasyon, ay lubhang epektibo sa edukasyong pangkultura ng Manobo.

Pinatutunayan din sa pag-aaral nina Sutrisna et al. (2021) at Syafii et al. (2022) ang kahalagahan ng pakikilahok ng komunidad at pagsasama ng lokal na wika at kultura sa mga materyales sa pagkatuto upang mapanatili ang pagiging autentiko at makabuluhan ng mga aralin.

Ang mga literaturang ito ay nagpapakita ng isang malinaw na trend tungo sa paggamit ng culturally responsive teaching materials—isang adhikain na siyang tinutupad ng pananaliksik na ito sa pamamagitan ng pagbibigay-diin sa Kahimunan ng Manobo.

## II. Methodology

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng Mixed-Methods Research Design, partikular ang developmental at descriptive na pamamaraan. Sa developmental na bahagi, lumikha at pinino ang isang kontekstwalisadong video lesson tungkol sa Kahimunan ng Manobo bilang kagamitang pampagtuturo, na may masusing pakikipagtulungan sa mga cultural experts at Datus upang matiyak ang kawastuhan sa kultura at kaugnayan, at sumailalim din ito sa pilot testing at iterative improvement. Ang descriptive na bahagi naman ay nakatuon sa pagpapatupad ng video lesson sa mga piling paaralan sa San Miguel, Surigao del Sur—kabilang ang Sagbayan National High School at iba pa—at pagkolekta ng datos sa pamamagitan ng survey at obserbasyon mula sa mga guro ng Filipino 7 (sa pamamagitan ng purposive sampling) at mga Datus, upang masuri ang pagiging epektibo at pagtanggap nito. Ginamit ang binagong talatanungan ni Bat-ao (2022) at structured interview guide para sa mga Datus bilang instrumento, at ang datos ay sinuri gamit ang deskriptibo at inferential na estadistika, kasama ang qualitative at developmental analysis para sa paglalarawan ng kaugalian at pagpapabuti ng kagamitan.

## III. Results and Discussion

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

***Mga Kaugalian at Tradisyon ng Manobo batay sa Kahimunan na Mapapanood sa Kontekswalisadong Video Lesson***

Ang pag-aaral ay matagumpay na nakilala at naidokumento ang apat na pangunahing ritwal at kaugalian ng Kahimunan ng tribong Manobo, na aktibo pa ring isinasagawa sa Umalag: ang Sinugbahan, Uyagdok, Binuka, at Pangapog.

*Sinugbahan:* Ang ritwal na ito ay isinasagawa bilang pag-aalay at pagpapakita ng paggalang sa mga espiritu ng Apugan bago magsimula ang Kahimunan. Ito rin ay nagsisilbing cleansing ritual upang alisin ang anumang negatibong enerhiya o impluwensya.

*Uyagdok:* Sa ritwal na ito, nag-aalay ng pulang manok at nagsasagawa ng mga chanting at panalangin para sa proteksyon at gabay. Isinasagawa ito bilang paggalang sa mga espiritu ng kalikasan bago ang mahahalagang gawain tulad ng pagsasaka o pangangaso, at upang ipaalam sa "mgo Tagbanwa" (elemental spirits) ang kanilang mga hangarin.

*Binuka:* Ang Binuka ay isinasagawa upang humingi ng proteksyon mula sa masasamang espiritu para sa Kahimunan. Kinikilala nito ang "Inutow" (mga espiritu/ninuno) at binubuo ng Pangudab (pag-aalay ng manok), Uyagdok-Bangko (panalangin ng babaylan), at Paghakyad (pag-aalay ng lutong manok). Ito ay isang pormal na abiso sa "may-ari" na espiritu ng Binuka.

*Pangapog:* Ito ang opisyal na simula ng Kahimunan. Naglalayon itong ikonekta ang "Magbabaja" (mga espiritu/diwata) sa Diyos, at isinasagawa para sa paghilom, proteksyon, at propesiya. Itinuturing itong kaluluwa ng Kahimunan. Kabilang dito ang Tud-om (hiling para sa proteksyon), sayaw ng babaylan (pagkukwento, paghula), Limpas (pagtakip sa sugat ng baboy), Paghikyad (pag-aalay ng pagkain), propesiya ng babaylan, at Paghikyad sa Bangkaso (huling ritwal). Isinasama rin dito ang Sienengsang (may-ari ng ulan, kulog, at kidlat) at ang pagbabawal sa mga incestuous na mag-asawa sa Apugan. Pinagsasama ng ritwal na ito ang katutubo at Kristiyanong element.

Ang pagkakaroon ng detalyadong paglalarawan sa bawat ritwal sa video lesson ay nagpapatibay sa layunin ng pag-aaral na mapangalagaan at maipasa ang mga natatanging kaugalian ng Manobo sa mga susunod na henerasyon.

***Antas ng Pagtanggap ng mga Respondente sa Kontekstwalisadong Video Lesson***

Ang antas ng pagtanggap ng mga respondente sa nabuong kontekstwalisadong video lesson ay sinuri batay sa iba't ibang aspeto. Sa lahat ng kategorya—Layunin, Teknikal na Kalidad, Kalidad ng Pagtuturo, Organisasyon, Kontekstwalisadong Nilalaman, at Pagkakahanay—ang video lesson ay nakatanggap ng 'Napakahusay' na adjectival rating, na may mean score na 5.00

| Aspeto | Mean | Adjectival Rating |
|---|---|---|
| Layunin | 5.00 | Outstanding |

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

Volume V, Issue 5 May 2025, eISSN: 2799-0664

| | | |
|---|---|---|
| Teknikal na Kalidad | 5.00 | Outstanding |
| Kalidad ng Pagtuturo | 5.00 | Outstanding |
| Organisasyon | 5.00 | Outstanding |
| Kontekswalisadong Nilalaman | 5.00 | Outstanding |
| Pagkakahanay | 5.00 | Outstanding |
| Over-all Mean | 5.00 | Outstanding |

Ipinapakita ng resulta na ang video lesson ay lubhang epektibo, mahusay ang produksyon, at may malaking potensyal bilang isang mahusay na kagamitang pampagtuturo. Ang pagtanggap sa video lesson ay nagpapatunay sa pagiging epektibo ng localized at kontekstwalisadong mga aralin sa video sa pagtataguyod ng mas malalim na pag-unawa at pagpapahalaga sa kultura ng Manobo. Ang konsistent na kahusayan sa lahat ng kategorya ay nagpapahiwatig na ang video lesson ay hindi lamang nagbibigay ng impormasyon kundi nakakaengganyo rin at madaling gamitin, na alinsunod sa mga prinsipyo ng Constructivist Learning Theory, Cognitive Load Theory, at Technology Acceptance Model na pinagbatayan ng disenyo ng pag-aaral.

***Kagamitang Pampagtuturo na Nabuo***

Ang pag-aaral na ito ay matagumpay na nakabuo ng isang kontekstwalisadong video lesson sa kultura ng Manobo, na sumasaklaw sa kanilang mga tradisyon, ritwal, at paniniwala. Ang video lesson ay isinama sa kurikulum ng Filipino 7 at naglalaman ng mga nakakaengganyong aktibidad. Inaasahang magpapalalim ito ng kaalaman ng mga mag-aaral, magpapatatag ng pagkakakilanlan ng Manobo, magpapahusay ng kanilang kasanayan sa wika at kritikal na pag-iisip, at magtataguyod ng pagkakaisa.

## IV. Conclusion

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong bumuo ng isang kontekstwalisadong video lesson tungkol sa Kahimunan ng tribong Manobo bilang kagamitang pampagtuturo sa Filipino 7. Batay sa mga tiyak na layunin ng pananaliksik, natuklasan ang sumusunod:

***Kaugalian at Tradisyon****:* Ang mga ritwal ng *Sinugbahan*, *Uyagdok*, *Binuka*, at *Pangapog* ay matagumpay na naisama sa video lesson. Ang mga ito ay naipakita nang malinaw at may mataas na antas ng paggalang sa kultura ng Manobo. Ang mga ritwal na ito ay patunay ng malalim na espiritwalidad at koneksyon ng Manobo sa kalikasan at paniniwala.

***Antas ng Pagtanggap****:* Sa anim na aspeto ng balidasyon — Layunin, Teknikal na Kalidad, Kalidad ng Pagtuturo, Organisasyon, Kontekstwalisadong Nilalaman, at Pagkakahanay — nakakuha ang video lesson ng **mean score na 5.00**, na may deskripsyong “Napakahusay.” Ipinapakita nito ang positibong pagtanggap ng mga guro at eksperto sa edukasyon bilang epektibong kagamitan sa pagtuturo.

***Pagbuo ng Kagamitang Pampagtuturo****:* Ang nabuong video lesson ay itinuturing na modelo sa paggawa ng culturally responsive teaching materials. Ang proseso ng pagpapaunlad

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

nito ay ginabayan ng mga teoryang pedagogical at isinagawa sa pakikipag-ugnayan sa komunidad, partikular sa mga Datu ng Manobo.

Sa kabuuan, ang pag-aaral ay nagpapatunay na ang kontekstwalisadong video lesson ay makabuluhang tulay sa pagitan ng tradisyunal na kaalamang kultural at makabagong pedagogical na pamamaraan. Lubos itong inirerekomendang gamitin hindi lamang sa mga paaralan ng mga IP community kundi maging sa mainstream education upang palaganapin ang respeto, kamalayan, at pagpapahalaga sa katutubong kultura. Hinihikayat din ang mga tagapagturo at tagagawa ng kurikulum na gamitin ito bilang batayan sa paglikha ng mga aralin para sa iba't ibang grupong etnolinggwistiko sa Pilipinas.

## References

[1] Anderson, R. E. (2021). Technology integration and student engagement: A framework for 21st century classrooms. Journal of Educational Innovation, 15(2), 101–113.
[2] Bakar, N. A. (2020). Localizing multimedia for cultural learning among Malaysian indigenous students. Journal of Ethnic Education, 2(1), 35–47.
[3] Bautista, L. A. (2020). Epekto ng kontekstwalisadong video lesson sa pag-unawa sa musikang Manobo. Journal of Filipino Education Studies, 5(2), 20–30.
[4] Besonia, J. R., Delos Santos, M., & Fabregas, J. (2023). Culturally aligned e-learning for indigenous learners. Philippine Journal of Educational Technology, 4(1), 45–56.
[5] Brennan, M. A., & Resnick, M. (2023). Culturally relevant pedagogy and digital media: Building identity and engagement in indigenous learners. International Review of Education, 69(1), 33–52.
[6] Cahya, A. F. (2022). Contextual learning and cultural identity among indigenous youth in Indonesia. Asian Journal of Education, 8(4), 221–237.
[7] Chen, X. (2022). Contextualized video lessons and cultural heritage preservation among Chinese students. Asian Education Journal, 13(4), 110–125.
[8] Jin, Y. (2021). Culturally responsive science education for indigenous learners: Bridging knowledge systems. International Journal of Science and Society, 10(3), 45–60.
[9] Lasco, G. M. (2021). Developing culturally sensitive learning modules for IP learners: Insights from a professional learning community. Philippine Educational Research Journal, 9(1), 12–26.
[10] Martinez, Y. A. (2023). Technology-enhanced cultural education for Manobo students: A case study. Philippine Journal of Indigenous Studies, 7(1), 77–89.
[11] Ocampo, M. A. (2023). Pagbuo ng mga aralin sa video na sensitibo sa kultura para sa mga mag-aaral ng Manobo. Journal of Indigenous Pedagogy, 3(2), 89–100.
[12] Peter, R., & Alook, L. (2020). Indigenous identity through video instruction: A Cree perspective. Indigenous Education Review, 11(3), 95–106.
[13] Rosil, J., & Buniel, M. (2025). Ritual dances: The case of a Manobo tribe in Cantilan, Surigao del Sur. Philippine Journal of Cultural Research, 8(2), 15–29.
[14] Smith, D. A. (2021). Engaging indigenous youth through culturally relevant video lessons. International Journal of Educational Media, 19(2), 55–67.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

[15] Sutrisna, A., Prasetyo, E., & Rachmawati, D. (2021). Participatory video learning for Dayak Kenyah education. Borneo Educational Review, 6(1), 70–85.
[16] Syafii, M., Kurniawan, H., & Rosiati, S. (2022). Melting pot curriculum: Integrating local culture into English instruction. Journal of Multicultural Curriculum, 3(1), 18–29.
[17] UNESCO. (2020). Ensuring inclusive and equitable quality education for indigenous peoples: A global framework. United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization. https://unesdoc.unesco.org/

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved